EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA

1. Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert®, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig. Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol.. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpaplano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa earthquake.ca.gov.

- **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);

- **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at

- **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, , la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

Mga Pakinabang at Paggamit

Ang medikal na mga pasilidad at mga tauhan ay gaganap ng kritikal na gagampanan pagkatapos ng lindol sa pamamagitan ng pagtulong sa napinsalang mga indibidwal. Ang Earthquake Warning California ay makatutulong sa mga tauhan na maghanda para sa lindol at tulungan ang mga pasyente na dalhin sa ligtas na lugar. Karagdagan, ang Earthquake Warning California ay maaaring magbigay ng babala sa medikal na mga tauhan na sila ay magsasagawa ng operasyon o ibang medikal na mga pamamaraan, na magbibigay sa kanila ng oras na protektahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pasyente.

Maaaring isasama ng medikal na mga pasilidad ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ayon sa mga sumusunod:

- Isasama ang hard-wired na interface sa pagitan ng mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California at ang medikal na setting sa sistema ng alarma
- Isaalang-alang ang karagdagang mga tool ng babala tulad ng mga screen ng telebisyon o kumukutitap na mga ilaw upang tulungang babalaan ang mga pasyente na may mga kapansanan
- Sa panahon ng babala ng lindol, sanayin ang mga tagapagbigay ng alagang-kalusugan at mga kawani na sisigaw sa iba na dumapa, magtago, at mag-antabay, at gawin din nila ang mga ito sa kanilang mga sarili
- Kung maaari, ang kawani ay dapat gumamit ng sistemang Public Address (PA) upang babalaan ang mga pasyente at ang iba pang nasa lugar na magtago kapag ang babala ay inisyu
- Kung maaari, ikandado ang mga gulong sa mga gurney o sa mga wheelchair at sabihan ang mga pasyente na protektahan ang kanilang ulo at leeg gamit ang unan.

Paghandain ang Pasilidad, Mga Tauhan, at Mga Boluntaryo

Ang maingat at masinsinang pagpaplano ay makatutulong na siguraduhin ang kaligtasan ng mga indibidwal sa panahon at matapos ang lindol o ibang sakuna ng kalikasan, at tulungan ang medikal na mga tauhan at mga boluntaryo na kumilos kaagad matapos ang lindol upang tulungan ang nangangailangan.

Sa ibaba ang limang tip na pwedeng tumulong sa proseso sa paghahanda:

1. **Bumuo ng Planong Paghahanda at Pagpapagaan ng Emerhensya.** Ang lahat ng medikal na mga setting ay dapat may plano ng paghahanda at pagpapagaan ng emerhensya upang protektahan ang kaligtasan ng mga kawani, mga boluntaryo, mga bisita, at mga pasyente. Isang komprehensibong plano ng paghahanda at pagpapagaan ay dapat magsasama ng kaalaman bago ang insidente at pagsasanay para sa mga kawani, pagtatasa ng gusali at kagamitan, at plano ng pagbabahagi sa pangunahing mga stakeholder at mga kasosyo sa komunidad (hal., mga ospital na kalapit bahay, labas pag-apaw ng outpatient). Karagdagan, ang medikal na mga setting ay dapat magbuo ng emerhensyang staffing at plano ng komunikasyon upang paganahin ang mga lider na gagawa ng mga desisyon tungkol sa mga paghalili, mga pag-rotate, at koordinasyon sa panahon at pagkatapos ng emerhensya. Suriin ang mga protocol nang maaga at madalas, at kilalanin / pagalingin kung saan may mga puwang na umiiral.
2. **Unawain ang Mga Paggana at Mga Kakayanan ng Kagamitan.** Ang ilang medikal na mga makina at ibang mahalagang kagamitan ay may awtomatikong mga tampok ng kaligtasan upang madaling saraduhan sa panahon ng emerhensya. Talakayin ang mga pagpipilian kung paano ligtas at mabilis na saraduhan ang medikal na makina, at siguraduhin na ang kagamitan ay nasa lugar na hindi mahuhulog at makapinsala sa nasa malapit na lugar. Tukuyin kung aling mga tampok ang awtomatiko at kung alin ang nangangailangan ng manwal na pagpatay ng switch.
3. **Mag-download ng MyShake App at I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.** Ang MyShake App, Wireless Emergency Alerts (WEAs), at Android Earthquake Alerts ay maaaring magsuplemento sa umiiral na sistema ng babala at magbibigay sa medikal na tauhan ng oras na makapagtago bago magsisimula ang pagyanig. Ang medikal na mga setting ay dapat ipapakita sa mga kawani at mga boluntaryo kung ano ang mga tunog ng babala at itsura ng lindol. Siguraduhin na alam ng kawani kung paano paganahin ang mobile na mga aparato upang makatanggap ng babala sa lindol.
4. **Idagdag ang Babala sa Lindol sa Mga Plano ng Pagtugon sa Emerhensya.** Pagsasamahin ang mga item ng aksyon sa mga plano ng emerhensya kung kailan ang babala ng lindol ay iisyu. Ito ay maaaring magsama sa paglagay ng kagamitan sa safety mode o pagtulong sa mga pasyente na magtago. Ang medikal na mga pasilidad ay dapat isasama ang mga babala ng lindol sa mga pagsasanay sa emerhensya at isaalang-alang kung anong mga aksyon ang dapat gagawin para sa lahat ng mga tagpo na maaaring kinapapalooban ng kawani, kabilang na sa opisina, sa operating room, habang naglalakbay (hal. isang ambulansya, helicopter), o nasa field.
5. **Ikalat ang Balita.** Dapat isaalang-alang ng medikal na mga pasilidad ang pag-post ng impormasyon tungkol sa mga aksyon na mangyayari kung saan ang mga kawani at mga boluntaryo ay regular na ma-rereview ang mga ito, tulad ng sa mga break room, mga newsletter ng kumpanya, mga silid paliguan, o ibang lugar na may mataas na trapiko. Paalalahanan ang medikal na mga kawani at mga boluntaryo na magkaroon ng plano para sa kanilang mga sambahayan dagdag pa sa kanilang lugar ng trabaho. Hikayatin ang mga kasosyo sa komunidad, mga serbisyong panlipunan, at ibang mga organisasyon na regular na makipag-ugnay sa mga tauhan at mga pasyente na isama ang Earthquake Warning California sa kanilang mga plano ng pagtugon sa sariling emerhensya.

EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA

Para sa Higit na Impormasyon:

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang earthquake.ca.gov. Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov.

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: earthquakeinfo@caloes.ca.gov.